The Facts.

Statewide Specialist Clinical Consultation Service

A service provided by the Queensland Transcultural Mental Health Centre

SERBISYO SA PANGKLINIKANG KONSULTASYON PARA SA IBA'T IBANG KULTURA (TAGALOG)

Ano ang serbisyo sa pangklinikang konsultasyon para sa iba't ibang kultura?

Ito ay pang-espesyalistang serbisyo sa kalusugang pangkaisipian sa buong estado na ibinibigay ng Sentro sa Kalusugang Pangkaisipan para sa Iba't ibang Kultura sa Queensland (QLD Transcultural Mental Health Centre) para sa mga taong hindi nakapagsasalita ng Ingles. Ang serbisyong ito ay libreng serbisyo.

Sino ang maaaring gumamit ng Serbisyo sa Pangklinikang Konsultasyon para sa Iba't ibang Kultura?

Ikaw ay maaaring makipag-alam sa sentro kung ikaw ay nababahala tungkol sa problema sa kalusugang pangkaisipan para sa iyong sarili, miyembro ng pamilya o kaibigan.

Paano makatutulong sa akin ang serbisyong ito?

Ang Serbisyo sa Pangklinikang Konsultasyon para sa Iba't ibang Kultura ay makapagbibigay ng impormasyon at payo ukol sa mga problema sa kalusugang pangkaisipan na nakababahala sa iyo at isasangguni ka sa mga serbisyo na makatutulong sa iyo. Kung kailangan ang karagdagang tulong, kami ay makapagbibigay ng pangmaikling panahong tulong sa iyo sa pagkuha o pakikipag-ayos para sa serbisyo ng kalusugang pangkaisipan, sa tulong ng tauhan ng kalusugang pangkaisipan na nagsasalita ng iyong wika at buhat sa iyong sariling kultura.

Ang tauhan ng kalusugang pangkaisipan ay makatutulong sa iyo sa pamamagitan ng:

- Pagpapaliwanag ng mga bagay-bagay na kultural sa serbisyo ng kalusugang pangkaisipan
- Pagtulong sa iyo na makapagbigay ng kaalaman sa iyong paggagamutan at plano sa pag-aalaga
- Pakikipagpulong sa iyo upang pag-usapan ang iyong mga problema sa kalusugang pangkaisipan sa iyong sariling wika
- Pagpapaliwanag ng iyong mga problema sa kalusugang pangkaisipan sa mga miyembro ng iyong pamilya
- Pagbibigay ng pangmaikling panahong tulong kagaya ng suporta o pagpapayo na kaugnay sa problem sa kalusugang pangkaisipan

Ano ang iba pang tulong na maaaring ibigay?

Ang sentro ay may mga nakasulat na impormasyon tungkol sa sakit na pangkaisipan at kaugnay na impormasyon sa maraming mga wika. Maaari ka ring tumawag sa sentro kung gusto mong pag-usapan ang anumang problema tungkol sa iyong kalusugang pangkaisipan kagaya ng mga sintomas, paggagamutan, medikasyon at impormasyon tungkol sa mga serbisyong lokal sa kalusugang pangkaisipan.

Ang serbisyo ba ay kumpidensyal?

Oo, ang aming mga tauhan ng kalusugang pangkaisipan , katulad ng mga ibang pang pangkalusugang propesyonal, ay nasasaklaw ng mga mahigpit na mga alituntunin sa kumpidensyalidad at hindi pinapayagang pag-usapan at sabihin ang iyong mga problema sa ibang tao nang wala kang pahintulot.

Ano ang dapat kong asahan kapag ako ay tatanggap ng serbisyo buhat sa Serbisyo sa Pangklinikang Konsultasyon?

Ikaw ay maka-aasa na pakitunguhan ng may paggalang, dignidad at konsiderasyon para sa iyong pribasia, relihion at kultura.

Ikaw ay hihingan ng nakasulat na pahintulot bago makipag-alam o makipag-ayos sa isang tauhan ng kalusugang pangkaisipan buhat sa iyong sariling kultura at wika.

Paano ako makikipag-kontak sa serbisyo?

Maaari mong tawagan ang (07) 3167-8333 kung ikaw ay nasa Brisbane o 1800 188-189 kung ikaw ay nasa labas ng Brisbane, Lunes hanggang Biyernes, 8.30n.u. – 4.30n.h. at hilinging makipag-usap sa tagapag-ugnay ng mga serbisyong klinikal.

Hindi ako nakapagsasalita ng Ingles, paano ako tatawag sa serbisyo?

Maaari mong tawagan ang serbisyo sa pag-iinterprete o tagasalin-wika sa 131450, humingi ng isang interprete sa iyong wika at hilingin na ikunekta ka sa Qld Transcultural Mental Health Centre sa (07) 3167-8333. Ang tatlong taong paraan ng pag-uusap ay maaaring mangyari.

Queensland Transcultural Mental Health Centre
519 Kessels Road, Macgregor Q 4109
PO Box 6623, Upper Mt Gravatt Q 4122

Ph. (07) 3167-8333
Fax (07) 3167-8322
Libreng Tawag: 1800 188 189
(sa labas ng metropolitan na lugar)
E-mail: tccs@health.qld.gov.au

Oras ng Opisina: Lunes - biyernes
8.30n.u. -5.00n.h.